

Mga Madalas Itanong (FAQs)

T. Ako ay isang kwalipikadong pasyente ng medikal na cannabis o pangunahing caregiver. Kakailanganin ko ba ang isang lisensiya sa ilalim ng bagong sistema?

S. Hindi. Ang isang kwalipikadong pasyente na nagpapatubo, nagmamay-ari, nagpoproseso, o nagdadala ng medikal na marijuana para lamang sa sariling gamit medikal ay hindi kinakailangang kumuha ng isang lisensiya. Ang mga pangunahing caregiver na nangangalaga sa lima o mas mababang mga pasyente ng medikal na cannabis ay hindi rin kinakailangang maging lisensiyado kung sumusunod sila sa Batas.

T. Paano lilisensiyahan ang mga negosyong medikal na cannabis sa ilalim ng Batas?

S. Ang Batas ay magtatatag ng isang dalawahang sistema ng paglilisensiya sa pagitan ng mga lokal na lungsod at kondado at ng Estado. Ang mga negosyo ay kailangang kumuha sa isang panlungsod, pang-kondehan, o panlungsod at pang-kodehang lisensiya, permit, o ibang awtorisasyon, bago mag-apply ang isang negosyo para sa isang lisensiya ng pang-estado.

T. Anong mga uri ng lisensiya ang makukuha sa California?

S. Kinakailangan sa Batas ang lisensiya para sa pagtanim, paggawa, pamamahagi, pagdadala, pagsusuri sa laboratoryo, at pagbebenta ng medikal na cannabis. Ang Department of Food and Agriculture ay responsable sa pagpapalabas ng mga lisensiya sa pagtanim; ang Department of Public Health ang responsable sa pagpapalabas ng mga lisensiya sa paggawa; at ang Bureau of Medical Cannabis Regulation sa loob ng Department of Consumer Affairs ang responsable sa pagpapalabas ng mga lisensiya sa pamamahagi, pagdadala, pagsusuri sa laboratoryo, at dispensaryo (pagbebenta).

T. Paano ako mag-aapply para sa lisensiya mula sa Bureau?

S. Ang Bureau of Medical Cannabis Regulation ay hindi nagpapalabas ng mga lisensiyang pang-estado sa panahong ito. Inirerekomenda ng Bureau sa mga interesadong partido na makipag-ugnayan sa kanilang lokal na gobyerno tungkol sa mga patakaran at mga kinakailangan na may kaugnayan sa mga aktibidad sa medikal na cannabis sa lungsod o kondehang iyon.

T. Gaano katagal magiging aktibo ang mga lisensiya bago kailangang mapanibago (renew) ang mga ito?

S. Kinakailangan sa Batas na mapanibago ang mga lisensiya bawat taon.

T. Kung nais kong mag-aplay para sa isang lisensiya para sa medikal na cannabis na inilabas ng Bureau, ano ang dapat kong gawin ngayon?

S. Maging mapagpasensya. Ang Bureau ay nasa mga unang yugto pa lamang ng pagbuo at hindi pa tatanggap ng mga aplikasyon para sa mga lisensiya hanggang sa 2018.

T. Bibigyan ba ng prayoridad ang ilang mga negosyo para sa pagpapalabas ng mga lisensiyang pang-estado?

S. Sa pagpapalabas ng mga lisensiya, bibigyang prayoridad ng Bureau ang anumang entidad na makapagpapakita sa kasiyahan ng Bureau na ang entidad ay tumatakbo na at may magandang katayuan sa lokal na hurisdiksyon mula Enero 1, 2016, gaya nang hinihingi sa Batas.

T. Ilang lisensiya ang maaari kong makuha?

A. Hindi partikular na nililimitahan ng Batas ang dami ng mga partikular na uri ng lisensiya na maaaring hawakan ng isang tao. Subalit, nililimitahan ng Batas ang mga uri ng lisensiya na maaaring hawakan ng isang tao sa bawat panahon.

T. Magkano ang magiging bayarin sa lisensiya?

S. Hindi pa natutukoy ng Bureau ang bayarin para sa mga lisensiya ng estado na ipapalabas ng Bureau.

T. Kung ako ay may kasaysayan ng krimen ay tatanggihan ba akong bigyan ng isang lisensiya?

S. Ayon sa Batas, ang Bureau ay maaaring tumangging bigyan ng lisensiya ang isang aplikante na napatunayang nagkasala ng isang pagkakasala na may malaking kaugnayan sa mga kwalipikasyon, mga ginagawa, o mga tungkulin ng negosyo o propesyon kung saan ang aplikasyon ay gagamitin.

T. Paano kung ang lungsod/ kondehan ay nagbabawal ng lahat o ilang uri ng negosyong medikal na cannabis?

S. Kung ang isang lokal na hurisdiksyon ay ipinagbabawal ang lahat o isang tiyak na uri ng negosyo ng medikal na cannabis, kung gayon, sa ilalim ng Batas, ang isang negosyo ay hindi pinapayagang tumakbo sa hurisdiksyon na iyon.

T. Maaari ba akong humawak ng isang lisensiya para sa mga nakakalasing na inumin at isang lisensiya para sa medikal na cannabis?

S. Ang isang taong may hawak na lisensiya sa pagbebenta ng nakakalasing na inumin ay hindi maaaring humawak ng lisensiya para sa medikal na cannabis.

T. Anong uri ng lisensiya ang kailangan ko?

S. Ang uri ng lisensiya na kailangan mo ay magdedepende sa iyong negosyo at kung anong mga kapabilidad ang nais mo. Nililimitahan ng Batas ang iba't-ibang uri ng mga lisensiya na maaaring hawakan ng isang tao.

T. Ano ang takdang panahon para sa pagbuo ng mga regulasyon?

S. Tinataya ng Bureau na ang mga regulasyon ay mabubuo sa Enero 1, 2018.

T. Paano ako makakatanggap ng mga balita tungkol sa pagbuo ng regulasyon?

S. Ang website ng Bureau ay maglalaman ng mga impormasyon tungkol sa proseso ng regulasyon. Ang mga impormasyon ay ipapadala sa mga suskritor ng alerto sa email: (sumuskribi sa <https://www.dca.ca.gov/webapps/bmcr/subscribe.php>) o mamaari kang humiling na ipadala sa pamamagitan ng koreo ang impormasyon tungkol sa mga iminumungkahing regulasyon ng Bureau.

T. Paano bubuuin ng Bureau ang mga regulasyon?

S. Bubuuin ng Bureau ang mga regulasyon alinsunod sa Administrative Procedure Act. Magsasagawa rin ito ng pananaliksik, at pagtitipun-tipunin ang mga stakeholder, mga miyembro ng publiko, at iba pang mga ahensiya ng estado upang buuin ang mga regulasyon na kailangan upang matagumpay na ipatupad ang isang istrakturang regulasyon ng medikal na cannabis sa California.